# Tagpûan, Tapatan, Talaban: Si Santo Tomas de Aquino, Dayalogo at ang Kontemporanyong Paghahanap sa Katotohanan[1]

*Jovito V. Cariño**

Departamento ng Pilosopiya, Faculdad ng Sining at Literatura
Unibersidad ni Santo Tomas, Maynila, Pilipinas

**Abstrak:** Matapos ideklara ni Nietzsche ang pagpanaw ng Diyos, at ni Heidegger ang wakas ng metapisika, naging tila mas mahirap ang paghahanap sa katotohanan. Sa halip na tukuyin ang totoo, nagkasya na lámang ang marami sa pagtataguyod ng iba't ibang bersyon nito ayon sa kani-kaniyang perspektibo. Higit daw mas mahalaga kaysa sa totoo ang kung ano ito sa tingin nila. Kalakip ng kondisyong ito ang pagsasantabi ng nakagawîang kahulugan ng katwiran at pamimilosopiya. Dahil dito, tila nawalan ng saysay ang paghahanap sa totoo. Kung pwede na ang mga kunwarì at mga sa-palagay-ko, aanhin pa ang totoo? Naging mas kumplikado pa nang pumasok ang kulturang digital, lalò na nang lumaganap ang social media. Kung dati'y pinagdududahan ang katotohanan, sa mundong pinapagana ng algoritmo ng internet, naging totoo naman ang lahat ng bagay. Ang ontolohiya ng reyalismo na tinalikuran ni Nietzsche at Heidegger ay nabuhay na mag-ulî sa pamamagitan ng teknolohiya. Hindî lumikhâ ng bagong ontolohiya ang teknolohiya; ang teknolohiya mismo ang naging bagong ontolohiya dahil ito ang naging bagong batayan ng katotohanan. Tinitingnan ngayon na totoo anomang bagay na nakikita, napapanood, napakikinggan at naikakalat sa social media. Mulâ sa "walâng totoo," napunta tayo ngayon sa isang panig kung saan "lahat ay totoo." Saan at paano ngayon hahanapin ang katotohanan? Ito ang problematikong tatalakayin at tutugunan sa

*Jovito V. Cariño can be contacted at jvcarino@ust.edu.ph.
https://orcid.org/0000-0002-5865-9823

[1] Papel na iprenesenta sa "Truth as Dialogue: Conversations on St. Thomas Aquinas and the Contemporary Questions on Truth (9th Leonardo Legazpi Lecture Series) sa paggunitâ ng ika-700 Anibersaryo ng Kanonisasyon ni Santo Tomas de Aquino, 18-19 Hulyo 2023, Unibersidad ni Santo Tomas, Maynilà, Pilipinas.

• *PHILIPPINIANA SACRA,* Vol. LX, No. 181 (January-April 2025) pp. 119-146.
DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

papel na ito. Bílang argumento, ipapanukalà ko na sa kabilâ ng kaniyang pagiging mailap, posible pa ring matagpuan ang katotohanan sa pamamagitan ng tagpûan, tapatan at talaban – mga intelektuwal na praktikang isinabuhay at kinatawan ni Santo Tomas. Malayò man si Santo Tomas sa kuntesktong moderno at post-moderno, pati na rin sa dominyo ng digital na teknolohiya, pinapatunayan naman ng mga praktikang nabanggit na ang paghahanap sa katotohanan ay maisasakatuparan saanman o anomang panahon. Higit sa lahat, sinomang naghahangad ng isang matibay na pundasyon para sa isang makatwiran, makatarungan at makataong sibilisasyon ay marapat lámang na manindigan para sa katotohanan.

**Mga piling termino:** Santo Tomas de Aquino, katotohanan, moderno, post-moderno, teknolohiya

## Panimulâ

Ang papel na ito ay isang pilosopikal na repleksyon tungkol sa problematiko ng dayalogo at katotohanan sa kontemporanyong panahon batay sa mga praktika at kaisipan ni Santo Tomas de Aquino. Layon ng papel na bigyang-diin ang panukalà na nagsasabing posible at dapat isulong ang dayalogo sa kabilâ ng mga balakid na hatid ng kulturang moderno at post-moderno. May dalawang aspekto ang dayalogo, ang teyolohikal at antropolohikal, at sila ang gagamitin kong pundasyon sa pagbalangkas nitong panayam. Magsisimulâ ako sa pagtalakay sa praktika at halaga ng dayalogo bílang anyông pampanitikan at modong pilosopikal noong edad medya gaya ng makikita sa intelektuwal na búhay ni Santo Tomas. Susundan ito ng pagsasaproblema ng dayalogo sa moderno at post-modernong kunteksto. Bandang hulí, ilalahad ko ang koneksyon ng tagpûan, tapatan at talaban sa ideya ng dayalogo na aking ipinapanukalà mulâ sa inspirasyon ni Santo Tomas. Matatapos ang panayam sa paghahayag ng ilang kaisipan tungkol sa tunay na kahulugan ng pamana sa atin ni Santo Tomas at ang relasyon nito sa pagsusulong ng dayalogo para sa katotohanan.

## Si Santo Tomas at Dayalogo

Kung mayroon mang isang bagay na malinaw na magpapakita ng pagkakaiba ng medyebal at modernong pamimilosopiya, ito ay walâng iba kundî ang dayalogo.[2]

[2] Bagaman may mga naisulat na modernong akdâ sa anyong dayalogo, hindî ito kasing substantibo at laganap gaya sa edad medya. Makikita ang ilang akdâ na may anyong dayalogo kay Rene Descartes, Galileo Galilei, Gottfried Wilhelm Leibniz, David Hume at George Berkeley. Tingnan Rene Descartes. “The Search for Truth by Means of Natural Light” sa Rene Descartes, *The Philosophical Writings of Descartes.* Volume II, trans. John Cottingham et al (New York: Cambridge University Press, 2005), 400-420; Galileo Galilei, “Dialogue on the Two Chief World Systems” at “Two New Sciences” sa Galileo Galilei, *The Essential Galileo*, trans. Maurice A. Finocchiaro (Indianapolis: Hackett Publishing


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

Hindî marahil kalabisan kung sabihin natin na dayalogo ang isa sa maituturing na koneksyon ng kulturang medyebal sa antigong kabihasnan ng mga Griyego, partikular sa tradisyong higit na nakilala dahil kay Socrates at Platon.[3] Matatandâan na naging pamoso ang dayalogo, hindî lámang bílang modo ng pamimilosopiya kundî bílang anyô ng akdâng pilosopikal dahil kay Platon. Gayunman, bagaman malaki ang ambag niya sa popularidad nito, hindî nangangahulugan na si Platon mismo ang pinagmulan ng dayalogo bílang medium ng pamimilosopiya. Kung tutuusin, nakalapat na ang dayalogo sa kultura ng mga Griyego bago pa ito lumaganap sa klasikong panahon ni Socrates, Platon at Aristoteles.[4] Higit pa itong pinalawig ni Socrates nang tangkâin niyang tapatan at higitan ang praktika ng pedagohiya ng mga sopista.[5] Bílang isang masugid na tagasunod ni Socrates, minana ni Platon ang dayalogo at binigyan ng bagong búhay sa kanyang mga akdâ. Ang naunang pabigkas na dayalogo ay ginawâng dayalogo na nakasulat na naging daan ng imortalidad ni Socrates bílang pangunahin at sentrong karakter sa nabanggit na Platonikong literatura. Sa dayalogo bílang pilosopikal na panitikan, nanatilìng nagtuturò si Socrates sa pamamagitan ng kanyang masugid na pagtatanong at pakikipagpalitan ng kurò-kurò. Sinasabing si Aristoteles ay may mga naisulat ding mga dayalogo ngunit sa kasamâang-palad, walâ ni isa man sa kanila ang umabot sa ating panahon, kahit pa nga noong edad medya.[6] Hindî kataka-taka na mas nakasanayang ikawing ang pangalan ni Platon sa dayalogo bílang modo at akdâ ng pamimilosopiya. Mapapatunayan ang pedagohikal na inpluwensya ng dayalogo noong panahong medyebal, lalò pa kung tutuusin na halos lahat, kung hindî man lahat, ng mga itinuturing na kanon ng medyebal na pilosopiya ay nagtataglay ng dayalohikal na istruktura: ang *Confessions*[7] at *On Free Choice of the Will*[8] ni San Agustin,

---

Company, Inc., 2008), 190-271 at 295-367; Gottfried Wilhelm Leibniz, "Dialogue" at "Two Dialogues on Religion" sa Gottfried Wilhelm Leibniz, *Philosophical Papers and Letters*. Second Edition, trans. Leroy E. Loemker (The Netherlands: Kluwer Academic Publishers, 1989), 182-185 at 213-220; David Hume, *Dialogues Concerning Natural Religion*. https://www.earlymoderntexts.com/assets/pdfs/hume1779.pdf. George Berkeley. "Three Dialogues between Hylas and Philonous in opposition to Sceptics and Atheists" sa https://www.earlymoderntexts.com/assets/pdfs/berkeley1713.pdf.

[3] Tingnan Alex J. Novikoff, *The Medieval Culture of Disputation: Pedagogy, Practice, and Performance* (Philadelpia; University of Pennsylvania Press, 2013).

[4] William H. Desmonde, "The Ritual Origin of Plato's Dialogues: A Study of Argumentation and Conversation among Intellectuals," *American Imago* 17, no. 4 (Winter 1960): 389-406.

[5] Tingnan Marina McCoy, *Plato on the Rhetoric of Philosophers and Sophists* (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2008).

[6] David Ross, *Aristotle* (London: Routledge, 1995), 7-9; Carlo Natali, *Aristotle: His Life and School*, edited by D.S. Hutchinson (New Jersey: Princeton University Press, 2013), 109-110.

[7] Augustine, *Confessions*, trans. Thomas Williams (Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 2019).

[8] Augustine, *On the Free Choice of the Will, On Grace and Free Choice, and Other Writings*, trans. Peter King (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2010).


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

ang *On The Consolation of Philosophy*[9] ni Boethius, ang *Proslogion*[10] ni San Anselmo, maging ang *The Sentences*[11] ni Pedro Lombardo. Gaya ng mga akdâng nabanggit, mababakás din sa mga obra ni Santo Tomas ang inspirasyon ng dayalogo partikular sa *Summa Theologiae* at sa kanyang mga disputasyo.[12] Pinaniniwalàan ng mga iskolar na kinakatawan ng *Summa Theologiae* ang praktika ng disputasyo na karaniwang nangyayari sa loob ng medyebal na silid-aralan.[13] Nagsisimulâ ang disputasyo sa isang tanong; susundan ito ng hanay ng mga pinakadominanteng opinyon na tumatayô bílang pinakamalapit na kandidatong sagot sa tanong na nabanggit. Bílang tugon, ang maestro ay maghahain ng paliwanag batay sa isang prinsipyo o doktrina mulâ sa isang awtoritatibong teksto o akdâ. Mulâ sa paliwanag na ito, isa-isang babalikan ang mga opinyong nakalatag sa simulâ upang bigyan ng kaukulang tugon. Ang ganitong balangkas ng disputasyo ay makikita rin sa *Summa* gaya ng nabanggit na. Samakatuwid, sa silid-aralan man o sa kanyang panulat, makikita kay Santo Tomas ang pagsusulong sa dayalogo bílang paraan ng pagtuturò at paghahanap sa katotohanan. Batid ni Santo Tomas ang halaga ng dayalogo sa kanyang mga gawain bílang mangangaral at maestro ng teyolohiya kayâ sumasanggunì siya noon sa mga kilalang awtoridad sa teyolohiya, syensya, lohika, metapisika at relihiyon kahit na magkaiba sila ng panahon, kultura at pananampalatayà. Kung ang pagtuturò ng katotohanan ay nagsisimulâ sa paghahanap, marapat lámang na simulâng hanapin ito sa tulong nilang kapwà rin niyang naghahangad matagpuan ang totoo. Ang pagiging-eskperto ni Santo Tomas sa pakikipag-dayalogo ay hindî rin lingid sa mga kasama niyang frayle pati na rin sa mga may-awtoridad at ma-impluwensiya ng kanyang panahon. Sinasabing ang isa pang mahabàng akdâ, ang *Summa Contra Gentiles*, ay isinulat ni Santo Tomas sa kahilingan ng frayleng si Raymundo ng Peñafort para sa isang manwal na gagabay sa mga misyonerong isinugò sa teritoryo ng mga Muslim.[14] Binibigyang diin ni Santo Tomas sa nasabing akdâ ang posibilidad ng pangungusap tungkol sa Diyos kahit sa kanilang iba ang pananampalatayà. Sa katunayan, nagiging higit na mahalaga ang dayalogo dahil mismo sa pagkakaibang ito. Ganito rin ang masasabi tungkol sa isa pang akdâ ni Santo Tomas, ang *Contra Errores Graecorum* na

[9] Boethius, *The Consolation of Philosophy,* trans. David R. Slavitt (Cambridge, Massachusetts: Harvard University Press, 2008).

[10] Anselm, *Basic Writings,* trans. Thomas Williams (Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 2007), 75-113.

[11] Peter Lombard, *The Sentences,* trans. Giulio Silano (Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 2007).

[12] Para sa lista ng mga akdâ ni Santo Tomas, tingnan https://aquinasonline.com/texts/.

[13] Norman Kretzmann and Eleonore Stump, *The Cambridge Companion to Aquinas,* (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 1999), 5-6; tingnan din Norman Kretzmann and Eleonore Stump, *The Medieval Culture of Disputation.*

[14] Bagaman may ganitong paniniwalà, may alinlangan naman dito si Brian Davies. Tingnan sa Brian Davies, *Thomas Aquinas's Summa Contra Gentiles: A Guide and Commentary* (Oxford: Oxford University Press, 2016), 8-16.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

hiniling namang maisulat ni Urban IV bílang gabay sa pakikipag-dayalogo ng Roma sa simbahan sa Silangan.[15] Sa kanyang mga komentaryo, nakipag-dayalogo rin si Santo Tomas kay Aristoteles gaya ng ginawâ niya kina Pseudo-Dionisio, Boethius, Averroes, Avicenna at Maimonides.[16] Hindî lámang samakatuwid siya nakipag-dayalogo sa mga Biblikal na awtor at mga Ama ng Simbahan; nakipagniig din siya at dininig kung ano ang masasabi ng mga naiiba, hindî lámang ang pananampalatayà kundî pati na rin ang kultura, kasaysayan, at kabihasnan na kinabibilangan. Higit na pinatunayan ni Santo Tomas ang kanyang paninindigan sa dayalogo, nang sa kabilâ nang matamlay na kalusugan, mulî siyang naglakbay pabalik sa Fransiya, upang dumalo sa Konseho ng Lyon sa kahilingan ng nanunungkulang papa noon, si Papa Gregorio X. Layunin ng nasabing konseho na paigtingan pa ang mga nasimulâng hakbang para sa mulîng pakikipagkaisa sa napawalay na Silanganing Simbahan. Sa palagay ng Santo Papa, malaki ang maitutulong ni Santo Tomas sa adhikàing ito. Naglalakbay si Santo Tomas papuntang Lyon nang di umanong tumamà ang kanyang ulo sa isang sanga ng punò. Maipapalagay natin na seryoso ang nasabing aksidente sapagkat naging sanhî ito ng matagal niyang pagkaratay. Nang naramdaman niyang hindî na siya magtatagal, nagpalipat siya, mulâ sa tirahan ng kanyang pamangkin na pansamantala niyang tinigilan, sa pinakamalapit na kumbento, sa kumbento ng mga Sistersyano, kung saan siya nalagutan ng hininga noong Marso 7, 1274. Hanggang sa hulîng sandalî, ipinakita ni Santo Tomas ang kanyang kahandâan na pangatawanan ang papel ng dayalogo sa paghahanap sa katotohanan. Gaya ng sinabi ni Papa San Juan Pablo II sa *Fides et Ratio*, isang malinaw na halimbawà si Santo Tomas ng paghahanap sa katotohanan saan man ito posibleng matagpûan.[17] Ang katotohanan, para kay Santo Tomas, ay unibersal. Ibig sabihin, hindî lámang ito abot-tanaw ng

---

[15] Thomas Aquinas, *Contra Errores Graecorum*. https://isidore.co/aquinas/english/ContraErrGraecorum.htm#0. Tingnan din Mark D. Jordan, "Theological Exegesis and Aquinas's Treatise 'Against the Greeks'" sa *Church History* 56, no. 4 (December 1987): 445-456.

[16] Mababása ang pakikipagtalaban ni Santo Tomas kay Pseudo-Dionisio sa maikling akdâng De divinis nominibus Dionysii at sa Tanong 12-13 ng unang bahagì ng Summa Theologiae. Makikita naman ang pagsanggunì ni Santo Tomas kay Averroes sa *De Principiis Naturae* at kay Avicenna sa *De Ente et Essentia*. May dalawang komentaryo rin si Santo Tomas kay Boethius, ang *De hebdomadibus Boëthii* at *De Trinitate Boëthii*. May 13 komentaryo naman siya sa mga akdâ ni Aristoteles. Ang ilan dito ay naiwang nakabinbin dahil sa kanyang maagang pagkasawî. Makikita ang mga akdâng nabanggit at iba pa sa https://isidore.co/aquinas/. Para sa mas malawakang pagtalakay, tingnan din Emery Gilles, OP, & Matthew Levering (eds.) *Aristotle in Aquinas's Theology* (Oxford: Oxford University Press, 2015); Alexander Broadie, "Maimonides and Aquinas on the Names of God." *Religious Studies* 23, issue 02 (June 1987): 157 – 170; Ralph McInerny, *Boethius and Aquinas* (Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2012); Richard C. Taylor, "Aquinas and the Arabic Philosophical Tradition" sa *American Catholic Philosophical Quarterly* 88, issue 2 (2014); David Burrell, CSC, "Thomas Aquinas and Islam," *Modern Theology* 20, issue 1(2004): 71-89; Joseph Kenny, OP, "Thomas Aquinas, Islam and the Arab Philosophers," https://dhspriory.org/kenny/ThoArabs.htm.

[17] John Paul II, *Fides et Ratio*, §44 sa https://www.vatican.va/content/john-paul-ii/en/encyclicals/documents/hf_jp-ii_enc_14091998_fides-et-ratio.html.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

lahat kundî dapat na maging abot-kamay ng lahat. Ang pagiging pangkalahatan ang ibig sabihin ng salitâng Griyego na katholou o katoliko kapag isinalin.[18] Sa orihinal na titulo ng *Summa Contra Gentiles,* makikita ang tangkâ ni Santo Tomas na ipahayag ang katoliko o pangkalahatang karakter ng katotohanan.[19] Ang ganitong katangìan ng katotohanan ang siya ring dahilan kung bakit importante para kay Santo Tomas ang dayalogo.

Sa púntong ito, mahalagang bigyang diin mulî na ang katotohanan, para kay Santo Tomas, ay nakaugat sa teyolohiya at hindî sa lohika o epistemolohiya.[20] Sa madalîng salitâ, ang katotohanan ay hindî lámang katiyakan o pagiging tumpak; mas madalas nga, mas namamayanì pa ang alinlangan kaysa sa katiyakan kapag tinukoy ang katotohanan.[21] Ang katotohanan ay ang hantungan ng paghahanap na tangìng sa ugnayan lámang posibleng maganap. Ibig sabihin, kung walâng ugnayan, walâng katotohanan. Walâ ring katotohanan kung isasantabi ang ugnayan.[22] Sa lebel ng pilosopiya, ayon kay Aristoteles, may katotohanan kapag may ugnayan ang isip at bagay.[23] Sa lebel ng teyolohiya, ayon kay San Agustin, hindî mapapalagay ang kalooban ng tao hanggang hindî humahantong sa katotohanan na sa Diyos lámang matatagpûan.[24] Mulâ sa batayang karanasan ng tao, hanggang sa antas ng pilosopiya at teyolohiya, makikita ang papel ng ugnayan sa pagdanas at pagsisiwalat ng katotohanan. Hindî ito kailâ kay Santo Tomas. Kayâ sa kanyang pagtalakay sa katotohanan, kapwà pinagbatayan ni Santo Tomas ang mga kaisipan ni Aristoteles at San Agustin at sa huli'y sinabi na ang katwiran at pananampalatayà, bagaman magkaiba, ay hindî maituturing na magkatungggalî kapag pinag-usapan ang katotohanan. Totoo na sa Diyos nananahan ang katotohanan ngunit naninindigan din si Santo Tomas na hindî posible na ipagwalâng-bahalà ang katwiran ng tao sa paghahanap sa totoo.[25] Sa katunayan, ang mga palagay ng katwiran ang itinuturing ni Santo Tomas na pambungad sa mga kaalamang may kinalaman sa Diyos at sa

[18] Tingnan sa https://www.newadvent.org/cathen/03449a.htm

[19] Thomas Aquinas, *Summa Contra Gentiles, Book One: God,* trans. Anton C. Pegis (New York: Image Books, 1955); *Summa Contra Gentiles, Book Two: Creation,* trans. James F. Anderson (New York: Image Books, 1955); *Summa Contra Gentiles, Book Three: Providence, Part 1,* trans. Vernon J. Bourke (New York: Image Books, 1956); *Summa Contra Gentiles, Book Three: Providence, Part 2,* trans. Vernon J. Bourke (New York: Image Books, 1956); *Summa Contra Gentiles, Book Four: Salvation,* trans. Charles J. O'Neil (New York: Image Books, 1956).

[20] Thomas Aquinas. *On the Truth of the Catholic Faith (Summa Contra Gentiles). Book 1: God,* §60, 62, trans. Anton Pegis (New York: Image Books, 1955), 204, 207-208.

[21] Aquinas, *On the Truth of the Catholic Faith,* §3.2-3, 63-64.

[22] Thomas Aquinas, *De Veritate, V, sed contra §1.*

[23] Aristotle, *Metaphysics,* 1011a30 – 1011b30 sa Aristotle, *The Complete Works of Aristotle: The Revised Oxford Translation,* edited by Jonathan Barnes (New Jersey: Princeton University Press, 1984).

[24] Augustine, *Confessions,* 1.1

[25] Thomas Aquinas, *Summa Theologiae I,* 1.1, reply §2.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

pananampalatayà.[26] Dahil ang tao ay nilalang na ang Diyos ang tangì at hulíng hantungan, sa Diyos din lámang matatagpûan ang hanap nating katotohanan.[27] Ito ang dahilan kung bakit nabanggit na ang paghahanap sa katotohanan, para kay Santo Tomas, ay isang praktikang sákop ng teyolohiya at hindî ng epistemolohiya. Kaugnay kasi ito ng likas na paghahanap ng tao sa ugnayang papawì sa kanyang eksistensyal na pagkabalísa o pagkabagabag gaya ng inilahad ni San Agustin sa kanyang *Confessions*. Kayâ sa halip na "manghâ," na siyang pinanggalingan ng pilosopiya, ang paghahanap ng katotohanan bílang isang teyolohikal na gawain ay nagmumulâ sa pananampalatayà.[28] Ang manghâ ay udyok ng paghahanap sa paliwanag na nais kong malaman. Ang pananampalatayà naman ay halina ng paghahanap sa Diyos na hangad kong matagpûan may paliwanag man o walâ. Ito ang Diyos na ayon kay San Anselmo ay hangad niyang matagpûan sa kanyang paghahanap at ibigin sa kanyang paghahangad.[29] Pananampalatayà ang tawag sa ganitong urì ng pakikipagsapalaran. Malîng ipalagay na ang Diyos ay isa lámang palaisipan na kapag hindî mahulàan ang sagot o kayâ hindî maipaliwanag ay saka gagamitan ng pananampalatayà. Hindî nilulutas ang Diyos at lalong hindî nireresolba. Ang diskarte ng mga modernong pilosoper na ihambing ang Diyos sa isang pundasyon, na siyang dahilan kung bakit sinabi ni Heidegger na ang kabuoan ng kanluraning pilosopiya ay onto-teyolohikal, ay walâng kaugnayan sa Diyos, na ayon kay Santo Tomas, ay nangungusap sa atin sa lenggwahe ng pananampalatayà.[30] Sa kuntekstong Biblikal, ang pananampalatayà ay isang uri ng pakikipagtipan, o kayâ pakikipagniig gaya ng mababasa sa Awit ng mga Awit. Ang mismong pagkakatawang-tao ng Diyos sa persona ni Kristo ay isang urì ng pakikipagtipan. Ang ugnayan ng maka-Diyos at makatao kay Kristo ay isang paanyaya sa atin na tularan ang ganoon ding ugnayan sa ating pagpapakatao. Sa ganitong paraan natin mararanasan at makakaharap ang katotohanan, kung paanong naranasan at nakaharap ito ng mga disipulo ni Kristo sa daan ng Emmaus o ni San Pablo sa kanyang paglalakbay patungòng Damascus. Ugnayan, hindî katiyakan, ang nagpapatingkad sa katotohanan.

Hindî gaya ng isang Descartes na naniniwalàng mahahanap ang katiyakan nang mag-isa o ng isang Kant na nagsasabing dapat tayong mag-isip nang mag-isa, naniniwalà si Santo Tomas na ang katotohanan ay posibleng makamit sa pamamagitan ng tulong ng iba. Sa kanyang disputasyo na De Veritate, binigyang diin ni Santo Tomas ang pangangailangan ng gabay ng isang maestro sa ating pagkatuto.[31] Ang

[26] Aquinas, *Summa Theologiae I*, 2.2, Reply §1.

[27] Aquinas, *Summa Theologiae IaIIae*, 3.1, Reply.

[28] Aquinas, *Summa Contra Gentiles, Book 1,* § 5-6, mp. 69-74.

[29] Anselm, *Basic Writings*, "Proslogion," §1, p. 81.

[30] Aquinas, *Summa Contra Gentiles,* Book 1., §8.2, 76. Sinipì ni Santo Tomas ang bahagìng ito kay San Hilario.

[31] Thomas Aquinas, *De Veritate*, 11.2.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

pangangailangang ito ay nakaugat sa natura mismo ng tao. Ang tao, para kay Santo Tomas, ay isang persona. Sa orihinal na kahulugan ng salitâng persona (o prosopon sa Griyego), tumutukoy ito sa kakayanan ng tao na maipakilala o maipahayag ang sarili sa iba. Sa pagtukoy samakatuwid sa tao bílang persona, ipinapalagay ni Santo Tomas na mayroong isa pa o iba pang tao na posibleng tumanggap sa nasabing pagpapakilala. Nakalapat na, sa madalîng salitâ, ang ugnayan sa natura ng tao.[32] Kontra sa modernong paniniwalà na ang tao ay isa lámang indibidwal (ibig sabihin, hindî mahahatì), ang turing naman ni Santo Tomas sa tao ay isang persona na may kahatì, ibig sabihin, lagì siyang bahagì ng isang relasyon o ugnayan na siyang batayan ng kanyang pagpapakatao. Ang ugnayang ito ang siya ring nagbibigay ng kahulugan ng pag-iral. Masasabi natin na ang salitâng "persona," para kay Santo Tomas, ay isang relasyonal na termino. Kaugnay nito, masasabi rin natin na ang pagpapakatao ay isang habangbuhay na pakikipagdayalogo kung sasang-ayon tayo kay Santo Tomas at sa hámon ng ugnayan para sa katotohanan na ipinapanukalà niya.

Maliban samakatuwid sa dimensyong teyolohikal, mayroon ding antropolihikal na aspekto ang dayalogo. Alinman sa dalawang ito ay mahalagang sangkap sa paghahanap sa katotohanan. Bílang isang gawaing teyolohikal, nangangahulugan ito ng pagharap sa posibilidad na ang katotohanan ay laging higit pa at lampas pa sa kategorya ng talino ng tao. Nagbibigay ito, hindî lámang ng kaalaman, kundî ng kahulugan kahit sa mga bagay na hindî natin lubos na maunawàan. Pinaaalalahanan din tayo nito na ang katotohanan ay banal, ibig sabihin, misteryo itong pwede nating silayan at yakapin sa pagturing sa búhay bílang isang tuloy-tuloy na panalangin. Sa isang banda, ang antropolohikal na aspekto ng dayalogo ay paanyaya rin sa atin na ituring ang paghahanap sa katotohanan bílang daan ng pakikipagkapwà-tao. Sa pagkilala ni Santo Tomas sa tao bílang persona, ipinapalagay niya na bawat isa ay may masasabi, na nangangahulugan din na bawat isa ay marapat lámang na mapakinggan. Ang pagpapapakatao, samakatuwid, ay nakapaloob sa ganitong urì ng palitan na nagsasabing magiging ganap lámang ang aking pagiging persona kung makikita ko na ako at ang aking kapwà ay bahagì ng isa't isa. Ang hinahanap kong katotohanan ay hindî naiiba sa hinahanap niya at kung may pagkakataong maiba, posibleng hindî kami lubusang magkalayô kung kapwà naming pagsisikapan na magtagpô, magtapat, at magtalaban. Laging mayroong espasyo kung saan pwede

[32] Aquinas, *Summa Theologiae I*, 29. Mahalaga ring sabihin na ang konsepto ng persona ay minana lámang ni Santo Tomas kay Boethius na siyang unang nagpaliwanag sa konseptong ito sa "A Treatise Against Euthyches and Nestorius." Tingnan Boethius, *The Theological Tractates / The Consolation of Philosophy*, trans. HF Stewart (Cambridge, Massachussetts: Harvard University Press, 1968), 85; MacInerny, *Boethius and Aquinas*, 97-104; Jason T. Eberl "Aquinas on the Nature of Human Beings," *The Review of Metaphysics* 58, no. 2 (December 2004): 333-365; Jenny Teichmann, "The Definition of Person," *Philosophy* 60, no. 232 (April 1985): 175-185.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

kong masalubong ang kapwà kong naghahanap din sa totoo. Ang problema, tila walâ ng lugar ang ganitong pananaw sa kasalukuyang sibilisasyon na higit na naging sekular at liberal. Dahil sa kulturang sekular, naging problematiko ang silbi at papel ng relihiyon at teyolohiya sa lipunan. Dahil rin sa kulturang liberal, mas nananaig ang pagtingin sa tao bílang isang indibidwal na may arbitraryong kaugnayan lámang sa iba. Ito ang kuntekstong kailangan nating isaalang-alang sa pagsusulong ng dayalogo bílang daan ng paghahanap sa katotohanan. At sa kuntekstong ito, hindî ang pagkawalâ ng katotohanan ang dapat nating pangambahan kundî ang sukdulang pagdami at pagkakaiba-iba nito hanggang sa púnto na kahit ang salitang "totoo" ay tila walâ na ring kabuluhan.

**Pagsasaproblema ng Dayalogo sa Kuntekstong Moderno at Post-moderno**

Dalawang bagay ang binanggit natin tungkol sa pananaw at karanasan ni Santo Tomas sa dayalogo at paghahanap sa katotohanan. Una, ito ay may dimensyong teyolohikal. Ikalawa, may aspekto rin ito na antropolohikal. Ipinapakita ng dimensyong teyolohikal na ang katotohanan ay higit sa kayang saklawin ng ating isip. Gayunman, hindî ito nangangaluhugan na labag ito sa katwiran. Sa katunayan, katwiran ang nagsisilbing lagusan para malaman ang kaya at hindî kayang marating ng isip ng tao. Sa tulong ng katwiran, mas nagiging mulát tayo sa pagkakaiba ng mga bagay na malinaw nating maiintindihan at mga bagay na hindî malinaw at hindî natin maunawaan ngunit patuloy na bumibighanì sa atin. Ang katotohanan, ayon kay Santo Tomas, ay may ganitong mukhâ at ang naaayong tugon sa tawag ng ganitong urì ng katotohanan na sabay na nagpapakilala at nagkukubli sa atin ay walâng iba kundî pananampalatayà. Ang pananampalatayà ay hindî pagtalikod ng isip sa katotohanang higit sa kanya. Isang urì ito ng pagpapakumbabâ at paggalang sapagkat, katulad ng marangyâng araw sa takipsilim, anomang tunay na maganda at totoo ay lagìng higit pa sa maaabot ng isip natin. Ang paghahanap sa katotohanan bílang isang praktikang teyolohikal ay isang pagdulog sa banal, sa isang higit pa o kayâ, higit sa lahat. Ang dayalogo, sa kuntekstong ito, ay nagaganap sa anyô ng panalangin. Ang panalangin bílang dayalogo ay hindî gaya ng karaniwang ginagawâ natin na pagpunta sa simbahan para humingî ng biyayà o gabay mulâ sa Diyos. Tumutukoy ito sa pangkalahatang oryentasyon ng pagpapakatao bílang tugon sa Diyos na nagbubunyag ng sarili sa pamamagitan ng pagbibigay. Ang tumutugon sa Diyos na nagbibigay ay nagsisikap ding magpakatao sa pamamagitan ng pagbibigay. Isang urì ito ng panalangin sa konkretong paraan. Panalangin, hindî hermeneyutika na sinasabi ni Heidegger, ang angkop na paraan ng pagpapakatao.[33] Bagay ang hermeneyutika sa mga taong nawawalâ o sabi mismo ni Heidegger, sa mga nag-aakalàng nasadlak lámang sila

[33] Martin Heidegger, *Being and Time*, trans. Joan Stambaugh (New York: State University of New York Press, 1996), 33.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

sa mundong ito.[34] Pero para sa mga táong naniniwalàng sila ay tumanggap at tinatanggap, ang búhay ay nagmimistulang panalangin sa anyô ng dayalogo sa Diyos na siya mismong katotohanan.[35] Hindî sinasabi ni Santo Tomas na tangìng ang mga naniniwalà lámang sa Diyos ang makatatagpô sa katotohanan; kung tutuusin, hindî ang pagka-makaDiyos ang naghahatid sa atin sa totoo; manapa, ang pagiging makatotohanan ang nagdadala sa atin sa Diyos. Madalîng sabihin ng kahit sino na siya ay sugò ng Diyos kahit kontra mismo sa Diyos ang kanyang mga gawî at urì ng *pamumuhay*. Ngunit sa taong kumakampi at pumapanig sa totoo, hindî man niya sabihin o ilantad, kusàng makikilala ang Diyos ng katotohanan sapagkat, sabi nga ni Santo Tomas, ang Diyos ay Diyos dahil hindî siya mapanlinlang.[36]

Sa isang banda, ang dayalogo at katotohanan ay may aspektong antropolohikal din. Tumutukoy ito, gaya ng nabanggit na, sa ating pakikipagkapwà. May dayalogong nagaganap kapag natutunan nating igalang at pakinggan ang kapwà may sinasabi man ito o walâ. Sa kulturang Filipino, dalawa ang posibleng ibig-sabihin ng katagang "may-sinasabi." Una, pwedeng tumukoy ito sa isang tao na may maipagmamalaki dahil marahil sa angking yaman, kapangyarihan o kayâ inpluwensya; sa ikalawa, pwede rin itong patungkol sa mismong pagsasalitâ habang nagaganap ang isang usapan. Kay Aristoteles, walâng kaibahan ang dalawang pakahulugan na ito. Ang taong may-sinasabi, ibig sabihin, silang may mataas at maginhawang pamumuhay, ang tangìng may karapatang sumali sa mga usapan sa agora. Sila lámang ang may-sinasabi sa búhay kayâ sila lámang ang may sasabihin.[37] Sila lámang ang dapat mapakinggan. Hindî sinundan ni Santo Tomas ang ganitong palagay ni Aristoteles. Sa halip na limitahan ang paglahok sa lipunan (politika) sa kanilang may-sinasabi lámang, higit pa itong pinalawak ni Santo Tomas sa pamamagitan ng pagturing sa lahat ng tao bílang kawangis ng Diyos, ibig sabihin, may angking katwiran kayâ may kakayanang magpahayag ng sarili.[38] Gaya ng nabanggit na, ito ang ibig sabihin para kay Santo Tomas ng persona. Sa halip na segundahan ang tinatawag ni Aristoteles na *philia* o pagkakaibigan ng mga pare-parehong may mga-sinasabi bílang batayan ng politika,[39] pinanukalà ni Santo Tomas ang *caritas* bílang batayan ng bagong etikal at politikal na pamumuhay.[40] Hindî gaya ng *philia* na ang tangìng batayan ay ang pagkakapareho

---

[34] Heidegger, *Being and Time,* 127-128.

[35] Thomas Aquinas, *Summa Theologiae I,* 20.2.

[36] Aquinas, *Summa Theologiae I,* 17.4, Reply to Obj. 3.

[37] Aristotle, *Politics, III,* 1.1275b20 in Barnes, *The Complete Works of Aristotle.*

[38] Aquinas, "Book 1, Chapter 1," *On Kingship: To the King of Cyprus*. (Westport, Connecticut: Hyperion Press, Inc., 1979), 3-10.

[39] Aristotle, *Nicomachean Ethics*, Book VII, 1236b1-5 in Barnes, *The Complete Works of Aristotle.*

[40] Tinawag ni William McCormick ang teyoryang politikal ni Santo Tomas na "naturalismong politikal" (political naturalism). Isang modipikasyon ito ng naturalismong politikal ni Aristoteles na nagsasaad na ang pagiging politikal ay nakaugat sa natura ng tao. Naiba lámang si Santo Tomas


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

ng estadong ekonomiko-politikal, itinataguyod ng *caritas* ang pakikipagkapwà, higit sa lahat, sa pagitan nilang hindî pantay ang estado sa búhay. Sa katunayan, prayoridad ng *caritas* ang paglingap sa kanilang walâng-sinabi bílang imitasyon sa pag-ibig ng Diyos na kumakalingà sa atin sa kabilâ ng malawak nating pagkakaiba sa kanya. Sa *caritas*, samakatuwid, nagtatagpô ang teyolohiya at antropolohiya ni Santo Tomas upang higit na maitampok ang etikal na dimensyon ng katotohanan. Ang tunay na pagpapakatao ay nakaugat sa pagpapakatotoo. At ang tanging daan upang makamit ito ay matatagpûan sa pagpapakabuti na tinatawag nating pakikipag-kapwà. Ang nasabing pagpapakabuti rin ang tangìng layunin ng ating pag-iral bílang tao. Mahalagang tandâan na, para kay Santo Tomas, ang mabuti at pagpapakabuti ay lagìng nakatuon sa iba. Hindî ito nangangahulugan na laban si Santo Tomas sa pagpapabuti ng sarili. Batid niya na anomang mabuting gawâ ay nagmumulâ sa sarili. Kung sabihin man ni Santo Tomas na anomang kabutihan ay dapat na pakinabangan ng iba, ito ay dahil mas malawak ang konsepto ng "sarili" ni Santo Tomas kaysa sa konsepto ng ibang etikal na teyoryista. Ang "sarili" para kay Santo Tomas ay hindî lámang ako kundî tayo.[41] Kaugnay nito, ang lahat ng kabílang sa akin ay hindî akin lámang kundi atin.[42] Higit na malilinawan ang ganitong pananaw ni Santo Tomas, hindî lámang sa kanyang pagtalakay sa pribadong ari-arian, kundî pati na rin sa kanyang pangkalahatang pananaw tungkol sa katarungan.[43] Para kay Santo Tomas, dahil hindî solitaryo ang tao, maraming mithîin sa búhay ang posibleng matupad dahil pwede itong pagtulong-tulungan.

Sa papel, hindî mahirap maniwalà sa Tomistang pananaw na ang paghahanap sa katotohanan ay isang teyolohikal at antropolohikal na larang at makikita ang papel ng dayalogo at kahalagahan ng ugnayan sa alinman sa dalawang antas na ito. Ang problema, may dalawang balakid kung bakit tíla mas mahirap isulong ang ganitong panukalà ngayon: una, ang nagiging mas problematikong pananaw tungkol sa kahulugan at papel ng relihiyon sa lipunan; ikalawa, ang paglaganap ng indibidwalistang antropolohiya na ipinapakalat ng liberalismo. Sa mga susunod na talatà, tatangkâin kong bigyan ng pansin ang dalawang problemang ito at, matapos silang talakayin, ihahain ko ang aking panukalà tungkol sa tagpûan, tapatan at talaban bílang behikulo ng dayalogo para sa katotohanan.

---

sa paggamit ng Banal na Kasulatan bílang batayan ng búhay politikal. Sa madalîng salitâ, kung ang hantungan ng politika, para kay Aristoteles, ay ang kaganapan ng tao sa loob ng politeya mismo, ang hantungan ng politika para kay Santo Tomas ay ang katuparan ng búhay sa píling ng Diyos. Sa ganitong aspekto nagiging makabuluhan ang caritas. Tingnan sa Aquinas, Chapter III-IV, *On Kingship,* 58-71; Book 3, Part 2, Chapter 115-117, *Summa Contra Gentiles*; *Summa Theologiae* I.IIae, 1. Tingnan din William McCormick, SJ, *The Christian Structure of Politics: On the De Regno of Thomas Aquinas* (Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2022), 212-213.

[41] Aquinas, Chapter 117, Book 3, Part 2, *Summa Contra Gentiles*.

[42] Aquinas, *Summa Theologiae* IIaIIae, 66.2.

[43] Aquinas, *Summa Theologiae*, 58.1-2.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

Kung tutuusin, matagal nang problematiko ang relasyon ng relihiyon sa lipunan. Matatandâan na malaki ang naging papel ng masalimuot na relasyong ito sa trahedya na parehong sinapit ni Socrates at ni Kristo sa kani-kanyang panahon. Makikita rin ang ganitong kumplikasyon sa desisyon ni Emperador Constantino na ideklara ang Kristyanidad bílang relihiyon ng imperyo ng Roma. Sa iba't ibang yugtô ng kasaysayan, mulâ edad medya hanggang sa moderno at post-modernong panahon, nagbabago lámang ng timpla ang gusot na ito, napapalitan ng pangalan ang mga magkakalaban at magkakakampi pero nanatilì ang relihiyon at lipunan na kapwà nakagapos sa tagisan na kanilang kinasasangkutan. Sa isang bandá, tamà ang nabanggit ni Charles Taylor. Hindî naman talaga lubusang napawalâng-bisà ng sekularismo ang relihiyon; hindî na nga lámang ito kasing dominante gaya ng dati pero hindî masasabing walâ na itong puwang sa lipunan.[44] Kung meron ba o talagang walâng espasyo ang relihiyon sa lipunan ang isa sa mga maiinit na isyung nasa sentro ng mga pilosopikal na debate ngayon. Matutunton ang pinagmulan nito sa opinyon ni Immanuel Kant na ang relihiyon daw ay labas na sa tinatawag niyang pampublikong katwiran kayâ dapat na limitahan lámang sa pribadong sakop nito.[45] Marami ang sumunod sa ideyang ito ni Kant gaya nina John Rawls,[46] Jurgen Habermas[47] at Richard Rorty.[48] Bagaman hindî lubusang tutol sa relihiyon ang mga nasabing pilosoper, nagkakaisa sila sa paninindigan na pribadong bagay ang relihiyon at mas makabubuti kung mananatilì na lámang na pribado.

Malápit ang kaugnayan ng pananaw na ito nila Rawls, Habermas at Rorty sa pangalawang problema na nabanggit kanina: ang paglaganap ng indibidwalistang antropolohiya na tinatangkilik ng liberalismo. Ang liberalismo ay isang kultural at politikal na sistema na nagtuturing sa kalayàan ng indibidwal bílang pangunahing halaga. Sa isang liberal na lipunan, ang lahat, kasama na ang estado at iba pang institusyon, ay umiikot at nagsisilbi para sa kapakanan ng indibidwal. Ang kulturang liberal na siyang kinakatawan ng pagsasa-pribado kapwà ng relihiyon at pilosopiya ang maituturing natin na pangunahing pamana ng modernidad. Bago dumating ang modernidad, ang relihiyon, kahit na ang pilosopiya, ay mga karanasang pinagsasaluhan. Ganito rin ang masasabi tungkol sa paghahanap sa katotohanan. Nakapaloob ito sa pagtutulungan at pagkakaisa ng mga taong nagkakasundô para sa iisang layunin. Matatandâan na sa ganito nagsimulâ noong edad medya ang tinatawag natin ngayong

44 Charles Taylor, *A Secular Age* (Cambridge, Massachusetts: Harvard University Press), 2007, 595.

45 Immanuel Kant, "What is Enlightenment?" http://www.columbia.edu/acis/ets/CCREAD/etscc/kant.html.

46 John Rawls, "The Idea of Public Reason Revisited," *The University of Chicago Law Review* 64, no. 3 (Summer 1997): 765-807.

47 Jurgen Habermas, *The Theory of Communication, Volume 2, Lifeworld and System: A Critique of Functionalist Reason*, trans. Thomas McCarthy (Boston: Beacon Press, 1987), 88-92.

48 Richard Rorty, *Philosophy and Social Hope* (London: Penguin Books, 1999), 168-174.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

"unibersidad." Bago natin nakasanayang itumbas ang salitâng "unibersidad" sa "campus," sa "accreditation" o sa "ranking," ito ay tumutukoy sa kalipunan ng mga iskolar at maestro (*universitas magistrorum et scholarium*) na nagpasyang i-organisa ang sarili upang mapangalagàan ang kanilang adhikà na matuto, magturò at mag-aral nang sama-sama. Kahit sa mga Griyego, malaki ang papel ng komunidad sa paghahanap sa katotohanan gaya ng nire-representa ng akademya ni Platon, ng liseyo ni Aristoteles o ng mga komunidad na Pitagoreano, Estoiko at Epikureano at Neo-platoniko.

Kung pagtatabihin, makikita ang malawak na pagkakaiba ng kulturang pre-moderno at ng kulturang moderno. Ang pre-moderno ay nagtataguyod ng pagkakaisa; ang moderno ay tumatangkilik sa pagiging nag-iisa. Ang *cogito* ni Descartes ay nakatagpô ng ka-alyansa sa pribadong relihiyon ni Luther at sa etikang indibidwalista ni Hume. Modernidad, samakatuwid, ang nagpasinayà ng kulturang kanya-kanya sa pagtukoy ng kung ano ang totoo, mabuti, at maganda. Ang ganitong sistema ng kanya-kanya sa indibidwal na lebel ay aakyat pa at lalawak hanggang sa kumalat sa iba't ibang larang ng modernong sibilisasyon. Kahit sa modernong akademya, makikita ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga disiplina na para bang mga isla na malayô at walâng kaugnayan sa isa't isa. Ang ganitong sitwasyon ay lumilikhâ ng kultura na nag-uudyok sa isang disiplina na tingnan ang isa pang disiplina na ibang-iba sa kanya kayâ walâng dahilan upang magtayô ng tulay na mamamagitan sa kanila. Samakatuwid, sa pagdidiin sa pagiging-naiiba at pagiging nag-iisa, lumikhâ ang modernidad ng ilusyon na hindî na kailangan pa ng dayalogo sapagkat ako o kami ay sapat na. Sa ganitong kultura, ang mga indibidwal ay naging atomistiko at ang mga komunidad na kinabibilangan nila ay naging tila ghetto na hindî pwedeng pakialaman o panghimasukan. Nagkaroon din ng implikasyon ang kulturang kanya-kanya sa pagtanaw sa katotohanan. Sa unang tingin, tila magandang balità ito. Kung maraming posibilidad ang totoo, mas maeenganyo ang mga tao na maging makatotohanan dahil mas maraming pagpipilìan at mas madalî rin itong matatagpûan. Sa kasamâang palad, hindî ganito ang nangyayari. Sa modernong bersyon nito, naging parang arì-arìan ang katotohanan. May pagkilala sa totoo pero sa totoo na akin lang o amin lang. Kung may sasabihing kontra ang iba, hindî na ito dapat pakinggan pa. Kung susurìin, halimbawà, ang sapilitang pagkamkam ng China sa West Philippine Sea[49] o sa pagpipilit ng Departamento ng Turismo para sa kanilang "Love the Philippines" na islogan[50] o sa napabalitàng kontrobersyal na paggamit ng isang social media celebrity sa kantang "Ama Namin,"[51] maoobserbahan ang mas seryosong implikasyon kapag ang pananaw,

[49] Bea Cupin, "Philippines rejects China's 2023 map: 'No basis under international law'" https://www.rappler.com/nation/philippines-rejects-china-standard-map-2023-10-dash-line/.

[50] Ralf Rivas, "Controversial 'Love the Philippines' slogan stays" https://www.rappler.com/nation/dot-love-the-philippines-tourism-campaign-slogan-stays/.

[51] Patricia Cahanap, "Crossing the line? 'Ama Namin' drag performance sparks online debate" https://www.rappler.com/entertainment/online-debate-ama-namin-drag-performance-july-2023/.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

sa katotohanan o sa relihiyon man, ay naging akin o amin lámang. Naka-angkla sa liberalismo ang ganitong pagsasapribado ng perspektibo na isa sa mga punlâng inihasik ng modernidad. Dahil sa liberalismo, inakalà ng mga tao na ang katotohanan ay nasa kanilang kamay lámang. Gayunman, liberalismo rin ang dahilan kung bakit naging mas mahirap magsulong ng dayalogo dahil sa malabis na pagbibigay-diin sa pagkakaiba-iba at pagiging nag-iisa ng mga indibidwal at komunidad. Sa halip na tulay, nagkaroon ng bakod na siyang humahadlang para magkita at mag-usap. Isang mabisàng kasangkapan sana ang relihiyon para makapagkita at makapag-usap ang mga tao ngunit kahit ang relihiyon sa modernong panahon ay naging pribado na rin o kayâ ipinipilit na maging pribado na lámang. Mas mahirap isulong ang dayalogo bílang tagpûan, tapatan, at talaban sa isang kapaligirang nagtutulak sa mga tao na magkulong sa kanya-kanyang katotohanan kaysa hayàan ang sarili na hanapin ang kaugnayan nito sa iba. Ang mas matindi pa, hindî rito natatapos ang problema. Sapagkat sa kalaunan, nalusaw ang modernidad at kasudlong nito, natunaw na rin ang halaga ng mga bagay na tinatangkilik nito: ang Diyos bílang pundasyon, ang katwiran, ang syensya, pati na rin ang paghadlang nito sa dayalogo. Ito na ang yugtô ng pagpasok ng tinatawag na post-modernidad. Mahirap sabihin na ang post-modernidad ay kasudlong o bunga ng modernidad. Hindî rin naman angkop ipalagay na ang post-modernidad ay kasalungat ng modernidad sapagkat marami ring aspekto ang pinagkakasundûan nila. Mas naaayon siguro na ilarawan ang post-modernidad bílang isang kritikal na reaksyon sa modernidad sapagkat, bagaman kakikitaan ng parang pagpapatuloy, may mapapansin tayo na tensyon at paglihis sa maraming bagay na una nating nakilala bílang moderno. At kung babalikan ang dalawang aspekto ng dayalogo na nabanggit na (ang teyolohikal at ang antropolohikal), makikita na, gaya sa modernidad, nananatilìng may balakid sa dayalogo at paghahanap sa katotohanan sa post-modernidad. At sa tingin ko, mas mabigat ang naging problema dahil sa mga radikal na pagbabago na sa post-modernidad lámang matatagpûan.

Una nating tingnan ang problema sa teyolohikal na aspekto. Kung nabanggit kanina na isina-pribado ng modernidad ang Diyos at relihiyon na dáting nakapaloob sa karanasang kolektibo, sa post-modernidad, hindî na ito pribado ngunit hindî rin naman ito kolektibo. Ang mga kategoryang ito ay hindî na magagamit sa Diyos o sa relihiyon man sapagkat naniniwalà ang post-modernidad na walâ na ang Diyos, o sabi nga ni Nietzsche, patay na ang Diyos.[52] Bago natin akusahan si Nietzsche ng isang teyolohikal na krimen, mainam sabihin na hindî ganoon ka-simple ang relasyon ng kamatayan ng Diyos na binabanggit niya at ang karaniwang ateyismo na alam natin. Sa katunayan, mahirap gamitin ang salitâng "ateyismo" sa kunteksto ng deklarasyon ni Nietzsche sapagkat kung totoong patay ang Diyos o walâ na, walâ na ring bisà ang

[52] Friedrich Nietzsche, *The Gay Science,* trans. Josefine Nauckhoff (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2001), 109,119-120,199.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

ateyismo. Makabuluhan lámang ang ateyismo sa isang kulturang mayroon pang Diyos na pinaniniwalâan. Ngunit kung walâ na o patay na ang Diyos, walâ na ring silbi ateyismo. Sa madalîng salitâ, kinakansela ng kamatayan ng Diyos ang distansya ng pananampalatayà at kawalan ng pananampalatayà. Hindî na rin itinuturing na lehitimong isyu ang tanong kung may Diyos nga ba o walâ. Ang ibig sabihin nito, sa lenggwahe ng mga Gen Z, "balakajan." Kung sa tingin mo ay may Diyos, eh di okey. Kung walâ naman, eh di okey din. Kung sa pre-modernidad at sa modernidad, ang ateyismo ay itinuturing na iskandalo, sa post-modernidad, ang ateyismo ay itinuturing na napaka-kaswal na estado. Sa katunayan, hindî na ito tinitingnan bílang kasalungat ng pananampalatayà. Kung dati ang ateyismo ay matatagpûan sa kanilang hindî naniniwalà sa Diyos, sa post-modernong panahon, ang ateyismo ay makikita mismo sa kanilang nanampalatayà sa kanya. Ito ang mga taong abot-langit ang pagggamit sa pangalan ng Diyos, relihiyon o simbahan ngunit tahasang taliwas ang kilos at kalidad ng pamumuhay. Ilang ulit na tayong nakadinig ng mga kwento at balità tungkol sa mga itinuturing na alagad ng Diyos ngunit sangkot din sa pang-aapi, pang-aabuso, katiwalîan at kawalan ng katarungan. Hindî malayò na ang mga kagaya nila ang nasa isip ni Nietzsche nang sinabi niya na namatay ang Diyos sa kamay nilang mga naniniwalà sa kanya.[53] Nawalan ng bisà ang pagka-Diyos ng Diyos sa tagpông napasailalim na lámang ito sa iba't ibang larang na kumasangkapan sa kanyang pangalan gaya ng negosyo, politika, edukasyon, relihiyon, showbiz at ngayon nga, social media. Walâ nang dahilan para isa-pribado alinman sa Diyos o relihiyon na nagmistula na lámang mumurahing alahas na pwedeng isuot, pwedeng hindî, depende sa pangangailangan. Sa pagkamatay ng Diyos, nasama rin sa kanyang libing ang katotohanan. Kung may katotohanan sa Bibliya ayon sa pre-modernidad at sa syensya ayon sa modernidad, ang katotohanan ay naging sabi-sabi na lámang pagdating sa post-modernidad. Gaya ng relihiyon, walâ nang dahilan upang ito'y isa-pribado sapagkat walâ nang halaga na tanungin kung ano ang totoo at kung alin ang hindî. Ang katotohanan daw ay ekspresyon lámang ng perspektibo, ayon sa post-modernidad. Ibig sabihin, ang katotohanan ay walâ sa tinitingnan kundî nasa tumitingin. Kung sabihin ko na nagtapos ako sa Oxford pero sa tingin ninyo naman ay hindî, walâ sa akin ang problema, nasa inyo. Kung sabihin ko rin na maganda ang búhay noong Martial Law, pero hindî naman sa pananaw ninyo, ibig sabihin, magkaiba ang pagtingin ninyo kaysa akin kayâ walâ tayong dapat pag-usapan pa. Nauna na nating sinabi na hinaharang ng modernidad ang dayalogo dahil ang katotohanan ay binabakuran ng kani-kaniyang pribadong espasyo. Sa post-modernidad, walâ ring nangyayaring dayalogo, hindî dahil ito ay hinahadlangan kundî dahil hindî na ito kailangan. Bakit pa kailangang magdayalogo kung walâ namang dapat pag-usapan? Para sa post-modernidad, ang dayalogo ay isang kalabisan at pag-aaksaya ng

[53] Friedrich Nietzsche, *Thus Spoke Zarathustra*, trans. Adrian del Caro. (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2006), 212-214.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

panahon para sa katotohanan na hindî naman matatagpûan. Sa halip na dayalogo, ang madalas nating masaksihan ay iba't ibang urì ng salitâan – sa telebisyon, sa mga website, sa akademya, sa mga opisina, sa politika, sa social media at iba pang pwede nitong pagdausan. Hindî gaya ng dayalogo, sa mga dominyong ito, ang salitâan ay simpleng pagkonsumo lámang sa mga salitâ. Ito ang mga salitâng binibigkas pero hindî pinaninindigan; naririnig pero hindî tumatalab sa atin. Sa post-modernidad, ang salitâ na dati'y imahen ng pagkakatawang-tao ng Diyos, ay nauwî na lámang sa pagiging kalakal o mga sisidlang hungkag at walâng laman.

Mayroon ding antropolohikal na aspekto ang dayalogo sa panahong post-moderno. Tao ang sangkot sa dayalogo kayâ marapat lámang na isali ang antropolohikal na elemento. (Mas mabuti sana kung nakakapag-dayalogo rin ang mga hayop; kayâ lang, masyadong abalá ang mga hayop dito sa Pilipinas.) Nabanggit na na mahirap ang dayalogo sa modernidad dahil kinondisyon nitong maging atomistiko ang mga tao. Ang tingin ng mga indibidwal sa isa't isa ay estranghero kung hindî man katunggalî gaya ng sinasabi ni Thomas Hobbes. Mulâ sa pagiging atomistiko, naging mimetiko ang tao pagdating sa post-modernidad. Mimetiko ang pinilì kong deskrispyon patungkol sa urì ng pagpapakatao (kung matatawag nga itong pagpapakatao) na nakabatay sa panggagaya at pagsusuot ng maskara. Malaki ang kaugnayan ng dalawang ito na higit nating makikita sa social media. Karamihan ng mga post na kinaaaliwan sa social media ay produkto ng panggagaya. Isang content halimbawà ang naging viral at dahil naging viral, umasa ka na gagayahin ito ng marami na gagayahin pa ng higit na marami sa susunod. Lumaganap ang travel vlog, beauty vlog, cooking vlog, mukbang vlog, parenting vlog, unboxing vlog, it's a prank vlog, grwm vlog at kung anu-ano pang vlog na marahil napanood o nabalitàan na rin ninyo. Bukod kasi sa nakaaaliw, naroon din ang posibilidad na kumita. Susì ang teknolohiya sa ganitong kultura ng panggagaya. Dahil sa teknolohiya, napabilis ang page-edit sa mga retrato at video. Salamat sa mga beauty app at filter, mas madalî nang magpakinis, magpapayát, at magpatangos ng ilong kahit hindî magpa-derma o magpa-retoke kay Dra. Belo. Salamat sa photoshop at mga teknik sa editing, pwede kang magkunwâng nagbabakasyon sa Boracay o nagkakape sa Paris kahit nasa bahay ka lang. Ang mga ganitong retrato, video, meme, at iba't ibang urì ng post ay makukulay na pangtabing na hatid ng social media sa ating kontemporanyong búhay na binago na rin ng digital na teknolohiya. Kung kailangan dati ng maskara para magsalita ang isang karakter sa teatro ng mga Griyego, ang maskara, sa digital na panahon, ay ginagamit upang sadyâng pagtakpan kung ano meron sa likod ng maskarang ito. Ang resulta, nagkakaroon ng pamatong na reyalidad sa ibabaw ng inaakalà nating reyalidad. Dahil sa kakayanang ito, hindî marahil kalabisan kung ipalagay natin na teknolohiya na ang bagong ontolohiya. Patunay dito ang kamakailang paglabas ng pinakabagong bersyon ng artificial intelligence na kaya raw gumaya at humigit pa sa


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

kapasidad ng tao na mag-isip, kumathâ, at sumulat. Ito na marahil ang pinakamataas na lebel ng panggagaya: ang panggagaya ng tao sa Diyos gamit ang teknolohiya upang bandang hulí ay mahigitan at mapalitan ng teknolohiya ang mismong kakayanan niya. At habang hindî pa lubusang nangyayari ito, narito tayo, walâng kamalay-malay na naging sunod-sunuran na lámang sa kumpas ng teknolohiyang kinahuhumalingan ng lahat. Untî-untî na tayong nasasanay makibagay at maging kampante sa urì ng búhay na pinapagana ng algoritmo, mulâ sa pag-eehersisyo, sa paggawâ ng kape, sa paglalaba at paglilinis ng buhay, sa pagtuturò sa klase, sa pamimilí sa Lazada at Shopee hanggang sa pagdama ng ating emosyon sa tulong ng Netflix at mga sikat na K drama. Kung tutuusin, walâ tayong iniwan sa mga puppet na gumagalaw habang nakatalì sa mga sinulid sa kamay ng isang maestro. Ang pagkakaiba, ang mga sinulid na nagpapagalaw habang gumagapos sa atin ay nasa anyô na ng algoritmo na hindî natin nakikita. Ang isa pang pagkakatulad, hindî alam ng mga puppet na puppet sila kung paanong hindî rin natin alam bílang tao na puppet tayo. Ang pagkakaiba, ang mga puppet, dahil nga mga puppet, ay hindî umaalma; samantalàng tayong mga tao, bagaman may kakayanan, ay hindî nagrereklamo. Tinuturing pa nga natin ang kasalukuyan nating sitwasyon bîlang progreso at tinatawag silang hindî makasabay na atrasado o kontra tyempo. Kumikilos tayo ayon sa dikta ng teknolohiya at ang ating pagpapakatao ay naging simpleng paggaya na lámang sa hulmang likhâ ng teknolohiya. Kahit sa akademya, mararamdaman natin ang pagkakahumahog ng mga unibersidad na magaya at makasunod sa tinatawag nilang 5th Industrial Revolution (kung ano man 'yon) at sa pagpupursigeng ito, nasa sentro ang teknolohiya. Ang problema, ang teknolohiyang ito ay parang agos lámang ng tubig na walâng patid. Dumadaloy ito nang tuloy-tuloy ngunit walâng tiyak na hantungan. Nasa natura ng teknolohiya na magtutuloy-tuloy lámang sa pamamagitan ng pagiging pabago-bago. At para patuloy na magbago, kailangang patuloy din nitong iwan ang pinaglumàan nito. Sa pagsabay at paggaya sa dikta ng teknolohiya, nahihikayat ang post-modernong tao na palagìng imbentuhin ang sarili ayon sa uso na gustong gayahin. Hindî ko sinasabi na masamâ ang magbago o maging naiiba. Hindî pagbabago o pagiging-naiiba ang problema kundî ang pagbabago o pagiging-naiiba nang walang-muwang dahil kinondisyon tayo ng kasalukuyang sibilisasyon na ito ang dapat nating gawin. Problema ang pagpapakatao sa modernidad dahil sinanay nito ang mga tao na tingnan ang sarili bílang ako lámang at ang katotohanan bílang akin lámang. Sa post-modernidad, problema pa rin ang pagpapakatao sapagkat tila nawalâ na ang "ako." Ang inaakalàng "ako" ay mga maskara lámang ng panggagaya na nakahumalingan na nating yakapin. Dating nakasalalay ang "ako" sa pagkilala sa isang natura na tinalikuran rin ng post-modernidad dahil masyado raw itong metapisikal. Sa halip na natura ng tao, mas madalas nating naririnig ngayon ang mga salitâng "best version of myself" patungkol sa kung ano ako ngayon na posibleng maging iba sa kung ano ako bukas, depende


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

sa kung ano at kung sino ang gustong gayahin. Ang "self" sa post-modernidad ay hindî ako. Kung tutuusin, walâ naman talagang "ako." Sinabi na ito ni Freud. Sinabi na rin ni Sartre. Sa post-modernidad, ang ako ay isang agos. Kayâ swak na swak sa atin ang mga data na dumadaloy sa algoritmo at dumarating sa atin sa anyô ng Facebook reel, Instagram post at Tiktok video. Sila ang mga bagong salamin, hindî ng "ako" kundî ng magiging "ako" pa lang. Paano nga ba mag-usap ang mga taong hindî naman "ako?" May mga nababasa tayong palítan ng comment o kayâ chat message o post sa Twitter. Nakatutuksong isipin kung nag-uusap nga ba ang mga tao o nagdaraan lâmang sa kanila ng mga digital na mensaheng ito? Sapagkat, kung tutuusin, posible lámang ang dayalogo kung kaya at gusto ng tao na magsiwalat ng sarili. Sa tradisyonal na konpigurasyon, sa ganitong paraan nakikita ang katotohanan. Prene-presenta ng post-modernidad ang dayalogo at katotohanan na problematiko dahil sa tinataguyod nitong mimetikong antropolohiya. Pinasidhî ito ng pagpasok ng digital na teknolohiya at social media na nagbigay sa atin ng maskara at siyang pumawì sa natitirang bakas ng pagiging ako. Sa pagkawalâ ng ako, nagkasya na lámang tayo sa panggagaya sa pagbabaka-sakalìng matagpûan ang awtentisidad na hindî natin namalayan ay isinukò na natin sa bighanì ng ilusyon ng post-modernong kalayàan. Sa isang banda, magandang balità ito. Sapagkat ang panggagaya ay katibayan na naghahanap pa rin ang tao. Habang nariyan pa ang pagkabalisa at paghahanap, posible pa ring masumpungan balang-araw kung ano ang totoo.

**Dayalogo bílang Tagpûan, Tapatan, Talaban**

Sa katatapos na seksyon, sinikap kong ipaliwanag kung paanong ang dayalogo na karaniwan at normal sa pre-modernidad ay naging problematiko sa modernidad at post-modernidad. Kaugnay sa pagiging problematikong ito ang mga pagbabago sa teyolohikal at antropolohikal na pananaw na hatid ng nabanggit na magkarugtong na yugtô ng sibilisasyon. Kung binigyang diin ng modernidad ang pagka-pribado ng Diyos at pagpapakatao, pareho namang kinansela ito ng post-modernidad. Ang dayalogo na mahirap gawin sa modernidad dahil sa malawak na distansya ng pagkakaiba ay lumabas na hindî naman pala kailangan ayon sa post-modernidad; kung walâ na ang Diyos at pagpapakatao na batayan ng distansya, walâ na ring dahilan upang ikonsidera pa ang nasabing pagitan. Malaki ang implikasyon ng mga pagbabagong ito sa paghahanap sa katotohanan. Dahil sa malakas na inpluwensya kapwà ng kulturang moderno at post-moderno, madalîng akalàin na walâ ng puwang ang dayalogo sa paghahanap sa katotohanan na inihalimbawà ni Santo Tomas noong edad medya. Ganito ang madalas mababása sa ilang mga iskolar at namimilosopiya dito sa Pilipinas kapag napag-usapan na ang kaisipang medyebal, partikular ang kaisipan ni Santo Tomas.[54] Para sa iba, ang kaisipan at paraan ng

[54] Tingnan Paolo A. Bolaños, *Thought-pieces: Nietzschean Reflections on Anti-foundationalism,*


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

pamimilosopiya na kinakatawan ni Santo Tomas ay napag-iwanan na ng panahon at walâ ng puwang sa kabihasnang mas kilala ngayon bilang post-metapisikal at post-teyolohikal. Sa bahagìng ito ng papel, nais kong pasubalìan ang ganitong pananaw at ipanukalà na bagaman nauna sa atin, ang kaisipan at paraan ng pamimilosopiya ni Santo Tomas ay nananatiling napapanahon. Hindî ko sasabihin na si Santo Tomas lámang ang tamà at tangìng pagbalik sa kanya ang angkop na paraan ng paghahanap sa katotohanan. Ibig lámang imungkahi ng papel na kumplikado anomang usapin pagdating sa katotohanan at makabubuting isali anomang perspektibo o istratehiya na makatutulong sa atin upang maunawàan ito. Hindî ko rin sasabihin na dapat nating búhaying mulî ang intelektuwal na kulturang medyebal para lámang masabi na nakasusunod tayo kay Santo Tomas. Kahit si Santo Tomas mismo ay hindî sasang-ayon na magpakulong tayo sa pedagohiya ng edad medya. Kung hinayâan ni Santo Tomas na ikahon ang sarili sa intelektuwal na kulturang medyebal, baka walâ siyang naisulat at naiwang mga akda na pag-iinteresan pa rin ng mga iskolar hanggang ngayon. Ang nais kong ipanukalá, kung tayo'y magiging bukás at handâ, ay ang pagsulyap sa ugnayan ng dayalogo at paghahanap sa katotohanan. Ang ugnayang ito ang nakapaloob sa tinatawag kong tagpûan, tapatan, at talaban na ilalarawan ko sa susunod na bahagì ng panayam. Ang tagpûan, tapatan, at talaban ang itinuturing kong balangkas ng dayalogo para sa katotohanan na maaarìng nating mamana kay Santo Tomas.

*Tagpuan.* Ang dayalogo ay isang urì ng pakikipagkapwà at ang pakikipagkapwà naman ay nagsisimulâ sa tagpûan. Kung ang kapwà ay sangkot na sa aking pagkatao sa simulâ pa lámang, hindî magiging buô ang aking pagkatao liban kung ang aking kapwà ay aking matagpûan at makatagpûan. Ang pakikipagtagpô sa kapwà ang pinakamahalagang aral marahil ng pagkakatawang-tao ng Diyos sapagkat sa dakilang misteryong ito ng ating pananampalatayà, tayo mismo ay tinagpô ng Diyos at nakipamuhay sa atin. Ang pakikipagkapwà samakatuwid ay hindî lámang pagtulad sa Diyos kundî pagtuklas ng katotohanan ng ating pagiging tao. Nagaganap ang ganitong tagpûan kapag dumamay tayo sa nangangailangan, kumampi sa mga naaapi, nagsulong ng katarungan at tumuligsâ sa kasinungalingan at katiwalian. At sa bawat pagkilos na ito, hindî lámang mata natin ang nabubuksan sa katotohanan kundî pati na rin ang mga mata nilang nakasasaksi sa pagkakaiba ng tamà at malî, ng huwad at totoo, ng baluktot at diretso. Mahalaga sa pagiging totoo ang pagiging konkreto. Ibig sabihin, hindî lámang ito dapat maging abot-isip, kundî abot-tanaw, abot-kamay at abot-pakiramdam. Tangìng sa pagiging konkreto makapagpapahiwatig ang totoo. Nagkatawang-tao ang Diyos upang bigyan ng bisig, katawan, at damdamin ang

*Ethics and Politics* (Davao: Aletheia Printing and Publishing House, 2021), 70; Emeria Quito, *The State of Philosophy in the Philippines.* Monograph Series No. 5 (Manila: De La Salle University, 1983), 38; Romualdo Abulad, "Contemporary Filipino Philosophy" (1988), isang papel na di nalathalà.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

katotohanan. Nauna nang nabanggit na, para kay Santo Tomas, ang paghahanap ng katotohanan ay hindî proseso ng epistemolohiya. Ibig sabihin, hindî ito pananaliksik ng syensya kundî paghahandog ng presensya. Mas nagiging totoo ang mga magulang kung kaya nilang tagpûin ang kanilang anak gayundin ang mga anak sa kanilang mga magulang. Mas nagiging totoo ang isang asawa kung, sa kabilâ ng mahabang panahon ng kanilang pagsasama, kaya pa rin niyang makipag-tagpô sa kaniyang kabiyak. Mas nagiging totoo ang isang lingkod-bayan kung kaya niyang tagpûin ang kanyang mga mamamayan kung nasaan man sila. Kahit sa akademya, mas totoo ang edukasyon kung may tagpûan sa pagitan ng guro at mga estudyante. Kataka-taka at katawa-tawa na hanggang ngayon, mayroon pa ring mga unibersidad na nagdadalawang-isip kung pababalikin ang mga propesor at estudyante sa pisikal na silid-aralan o pananatilihin na lámang silang online. Dapat sigurong ipaalala sa kanila, na ang edukasyon, gaya ng pagmamahalan, ay nakasalalay sa tagpûan. Nagaganap lámang ito kapag may palitan ng titig at tinig na aktwal na nararanasan. Sa online na klase, may nangyayaring koneksyon pero walâng nabubuông relasyon. Ang relasyong ito, sa simulâ't simulâ pa, ang humuhubog sa unibersidad upang maging *alma mater*. Sa búhay din ni Santo Tomas, makikita natin ang halaga ng tagpûan. Malaki ang mababago sa kasaysayan kung hindî niya natagpûan ang mga Dominiko sa Unibersidad ng Napoles at bandang hulí, kung hindî natagpûan ni San Alberto Magno ang angking talino ng batàng frayle na gáling Aquino. Hindî maikakailâ ang impluwensya ng buhay Dominiko kay Santo Tomas gayundin sa paghahanap sa katotohanan bílang isang karanasang pinagsasaluhan. Sa mga Dominiko natutunan ni Santo Tomas ang halaga ng búhay komunidad at kapatiran. Ang pananaw niya sa katotohanan bílang magkatuwang na pakikipagtagpô sa Diyos at kapwà ay higit na makikita sa paglalarawan ni Santo Tomas sa mismong adhikà ng Dominikong buhay relihiyoso na kanyang niyakap: "…ita maius est contemplata aliis tradere quam solum contemplari"[55] – ang tagpûin ang Diyos at ibahagì sa iba ang bunga ng tagpûang ito. Nagsisimulâ ang katotohanan sa paghahanap at natatapos sa tagpûan. Naniniwalà si Santo Tomas na, sa kabilâ ng ating pagkakaiba-iba, posibleng sa katotohanan din tayo magkikita-kita.

*Tapatan.* Dalawa ang ibig sabihin ng salitang "tapat" sa Filipino. Ang una ay may kinalaman sa pisikal na lokasyon ng isang bagay o tao. Nasa "tapat" kitá kung ikaw ay nasa harap ko, ibig sabihin, abot-tanaw kitá sa isang linyar na direksyon mulâ sa akin. Ang ikalawang kahulugan naman ng "tapat" ay may kargang etikal kayâ magagamit lámang sa tao. Kapag sinabi ko na isa kang "tapat" na kaibigan, ibig sabihin, isa kang kaibigan na totoo sa akin at hindî sinungaling. Bagaman magkaiba (ang una ay tungkol sa pwesto, ang ikalawa ay may kinalaman sa etika), mayroon pa ring hibla ng ugnayan na nagdidikit sa dalawa. Ang hibla ng ugnayang ito ay makikita sa salitâng "harap." Ang taong nasa tapat ko ay nasa harap ko (lokasyon) at ang kaibigang tapat

[55] Aquinas, *Summa Theologiae* IIaIIae, 188.6, Reply.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

sa akin ay káyang humarap sa akin (etika). Ang pagiging tapat samakatuwid ay isang urì ng pagpre-presenta ng sarili. Sa isang tapatan, may dalawang tao na naghahayag ng sarili nang walâng bahid ng panlilinlang o kasinungalingan. Ganito rin ang posibleng mangyari sa isang maayos na dayalogo. Sa isang dayalogo, ang pagtatapat ng dalawang tao ay nangangahulugan ng pagharap nila sa isa't isa. Ang pagtatapat ding ito ay nangangailangan na sila ay maging bukás at makapagpakilala nang walâng itinatagòng anoman. Halimbawà, sa isang maiklîng akdâ ni Santo Tomas na may titulo sa Latin na *De unitate intellectus contra Averroistas,* tinuligsâ ni Santo Tomas ang mga Averroistang propesor dahil sa gawî nito na, ayon kay Santo Tomas, mangusap sa kubli at sa mga estudyanteng walâng-muwang.[56] Ang kritisismong ito ay may kaugnayan sa turò ng mga nasabing Averroista na ang intelek daw ay iisa at pare-pareho sa lahat ng tao. Tutol dito si Santo Tomas sapagkat, ayon sa bása niya sa Bibliya at kay Aristoteles, bawat isang tao ay may sariling intelek na kanya. Sa kaisa-isang pagkakataon na nagpakita si Santo Tomas ng emosyon sa kanyang akdâ, mariing kinontra ni Santo Tomas ang posisyon ng mga Averroista sa pangunguna ni Siger ng Brabant,[57] hindî lámang dahil lihis ito sa Kristyanong teyolohiya at pilosopiya ni Aristoteles kundî dahil sa paraan ng pagtuturò ng nasabing propesor. Tila hindî nagustuhan ni Santo Tomas ang kanilang paraan na pailalim at pagpuntirya sa mga estudyante na kulang pa ang kakayanang kumilatis kung ano ang tamà. Para sa kanya, ang ganitong paraan ay labag sa katapatan. Ang mga Averroista ay hindî tapat sapagkat nagkukubli; hindî rin sila tapat sapagkat ang paggamit sa mga estudyanteng walâng-muwang ay isang urì ng manipulasyon. Ang mahigpit na balakid sa dayalogo bílang tapatan ay ang ganitong paggamit ng tinatawag na "pinagbabawal na teknik" pati na rin ang walâ sa lugar na pagkasangkapan sa pangalan ng awtoridad. Bukod sa mahinà, hindî rin angkop, para kay Santo Tomas, ang walâng-ingat na paggamit sa awtoridad bílang tuntungan ng isang argumento. Halimbawà, totoo na ang Bibliya ay awtoritatibo ngunit malîng isipin na dahil teyologo si Santo Tomas, basta na lámang niya gagamitin ang awtoridad ng Bibliya para lámang ipanalo ang isang argumento. Ang estratehiya ni Santo Tomas ay laging ipakita ang pagiging resonable ng pananampalatayà o ang tapatan ng pananampalatayà at katwiran.[58] Ito mismo ang ginawâ niya gaya ng mababasa sa *Summa Theologiae*. Ang akdâng ito ay nagpapakita ng tapatan ng iba't ibang tinig ng katotohanan mulâ sa iba't ibang panahon, paniniwalà at kultura habang nakikipagtapatan sa Salitâ ng Diyos. Ang *Summa Theologiae* ay maituturing natin na malinaw na demonstrasyon kung ano ang nagaganap sa dayalogo bílang tapatan. Sa pananaw ni Santo Tomas, ang Diyos na tapat at hindî nanlilinlang ay nagpahayag ng sarili at humarap sa mundo nang siya ay nagkatawang-tao. Ang paanyaya sa atin ay

[56] Aquinas, *De unitate intellectus contra Averroistas,* §124.

[57] John Marenbon, *Medieval Philosophy: An Historical and Philosophical Introduction* (London: Routledge, 2007), 254-257.

[58] Aquinas, *Summa Theologiae* I.1.8. Reply to Obj. 2


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

ang tumulad sa ganitong pagharap at sikaping sa Diyos at sa kapwà ay maging tapat. Kapag sinimulan nating gawin ito, simulâ na rin nating mauunawàan kung ano ang dayalogo.

*Talaban.* Kalimitan nating ginagamit ang salitâng "talab" bílang katumbas ng salitâng "epekto." Halimbawà, sinasabing mabisà ang gamot kung nararamdaman ang epekto nito sa ating katawan, ibig sabihin, tumatalab ito. Ang puntirya, samakatuwid, ng pagtalab ay ang mismong loob. Para tumalab, ang gamot ay dapat na manuot at pumasok sa mga sulok-sulok ng ating sistema upang ang karamdaman ay gumalíng at manumbalik ang sigla na nawalâ pansamantala. Ang nasabing sigla ay mulîng mamamalas sa labas kapag tumalab na ang gamot sa loob. Kahit nga ang mga gamot na ginagamit pamahid sa sugat o sa pekas ay inaasahang magiging epektibo lámang mulâ sa loob. Siguradong pekè ang gamot kung ang bisà nito ay hanggang labas lámang. Mabuting linawin ang kahulugan ng "talab" sa pagpapaliwanag ng dayologo bílang talaban ayon sa halimbawà ni Santo Tomas. Madalas sinasabi na ang dayalogo ay talaban ng dalawang tao sa isa't isa sa pakahulugan na may epekto ang pagkatao ko sa aking kapwà. Posible ito at sa katunayan, dapat ito ang kahinatnan ng isang dayalogo. Ngunit bago mangyari ito, may isa pang mas pundamental na pagtalab na dapat munang maganap. Ang tinutukoy ko ay ang pagtalab mismo ng katotohanan sa aking pagkatao bago ko ito dalhin sa iba. Matatandâan na, para kay Santo Tomas, ang katotohanan ay isang birtud at gaya ng isang birtud, masasabi lámang natin na nasa atin ito kung tumalab na ito sa ating pagkatao. Halimbawà, ang birtud ng katarungan ay nasa isang opisyal ng gobyerno kung siya mismo ay makatarungan at gumagawâ ng kanyang trabaho sa makatarungang paraan at para sa makatarungang layunin. Hindî makatarungan ang isang opisyal kung bukambibig lámang niya ang katarungan at kung nagsusulong siya ng katarungan para magpapansin lámang. Tumatalab sa isang tao ang katarungan kung siya mismo ay makatarungan sa kanyang pagkatao. Ganoon din ang masasabi natin tungkol sa katotohanan. Ang layunin ng isang dayalogo ay hindî lámang para mabigkas o masabi kung ano ang totoo. Higit sa lahat, ang dapat nating pagsikapan ay ang pagtalab mismo ng katotohanan sa ating pagkatao; ibig sabihin, hindî lámang para mangusap tungkol sa katotohanan kundî para maging likas na makatotohanan. Kung tutuusin, lalò na sa panahon ngayon, kahit sino ay pwedeng mangusap tungkol sa katotohanan. Saksi tayo sa telebisyon pati na rin sa maraming podcast, vlog sa Youtube at iba pang platform na nagtatampok ng tinatawag nilang "real talk." Nahuhumaling ang mga tao sa mga content na nangangakò ng "totoo" sapagkat ito ang hanap nila. Ang problema, ang mga content sa social media ay isa làmang urì ng entertainment at hanapbuhay. Kung content lámang ang tumatalab, ibig sabihin, walâng umeepekto sa mga nanonood nito kundî ang mga pantawag-pansing impresyon. Bandang hulí, kumita ang content creator ngunit walâng katotohanang

tumalab sa atin. Madalîng mangusap tungkol sa katotohanan. Ang talagang mahirap ay maging makatotohanan. Sapagkat para maging makatotohanan, kailangan nating hayâan ang totoo na umepekto sa ating loob gaya ng isang gamot, sumigid sa ating kalamnan hanggang sa maging totoo, hindî lámang ang ating sinasabi kundî tayo mismo. Katulad ng pagganap sa anomang birtud, napaka-personal ng talaban sa katotohanan. Bukod sa napaka-personal, kailangan din nito ng panahon at gabay ng iba. Personal ang talaban sa katotohanan ngunit hindî rin ito magagawâ nang nag-iisa. Gaya ng nabanggit na, para kay Santo Tomas, lagìng karugtong ng sarili ang kapwà kayâ kalakip ng paghahanap sa katotohanan ang pagsulyap sa mukhâ ng kapwà na siyang larawan nito. Oo, ang pahayag ng Diyos na nasusulat sa Bibliya ay nangungusap din sa mukhâ ng kapwà na nagaanyaya sa atin. Sa ganitong paraan natin mararanasan ang bungad ng katotohanan. May iisang katotohanan ngunit may iba't ibang anyô ito na pumupukaw sa ating pansin: ang mukhâ ng napabayâan, ang mukhâ ng mga walâng-tinig, ang mukhâ ng mga biktima ng karahasan, ang mukhâ ng mga nadehado ng batas, ang mukhâ ng mga tinapakan ang karapatan. Mga halimbawà ito ng mukhâ ng katotohanan sapagkat bawat isa sa kanila ay naghahain sa atin ng tanong at humihingî ng tugon. Tandâan natin na ang katotohanan, para kay Santo Tomas, ay hindî isang ideya. Isang karanasan ito na humahámon sa ating pagkatao tungò sa higit-pa.[59] Mararating lámang natin ang higit-pa sa talaban ng paghahanap sa katotohanan at pakikipagkapwà. Ang kakayanan kong maging totoo ay karugtong ng aking kahandâang tumalimà sa kapwà ko na nangangailangan sa akin. Sabi nga ni Papa Benedicto XVI, may katotohanan sa pag-ibig at may pag-ibig sa katotohanan.[60] Kaya kung mangyari man na ang dayalogo ay mauwî sa talaban ng pagkatao ng dalawang tao, katibayan lámang ito na sa simulâ pa, tumalab na sa kanila ang Salitâng minsan nang nagsabing: "Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin." (Lukas 22:19)

## Konklusyon

Sa araw na ito, pitongdaan na ang nakalilipas, sa siyudad ng Avignon sa Fransya, idineklarang banal ng simbahan si Santo Tomas. Hindî ito sopresa para sa mga taong nakakilala sa kanya at nakasama niya. Batid nila na ang Tomas na nakasalamuhà nila bílang anak, kapatid, frayle, estudyante, propesor at parì ay nakatadhanàng mapabílang sa mga tumanggap ng pinakamataas na karangalan na pwedeng igawad ng Inang Simbahan. Kung mayroon man sigurong magugulat at mag-aalinlangan sa ganitong klaseng atensyon at parangal, ito ay walâng iba kundî

[59] Aquinas, *Summa Contra Gentiles*, Book 1, §3.

[60] Benedict XVI, *Caritas en Veritate*. https://www.vatican.va/content/benedict-xvi/en/encyclicals/documents/hf_ben-xvi_enc_20090629_caritas-in-veritate.html.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

si Santo Tomas mismo. Bílang isang relihiyosong iskolar, hindî nasanay si Santo Tomas na maging tampulan ng pansin o tumanggap ng pagkilala. Sa katunayan, lantad na lantad sa kanyang mga isinulat ang kanyang kakayanan na ikubli ang sarili sa kanyang mga akdâ. Mas hangad ni Santo Tomas na itanyag, hindî ang sarili, kundî ang mismong pinaglalaanan ng lahat ng kanyang lakas, talino, damdamin, panahon: ito ay walâng iba kundî ang Diyos na kanyang inibig at pinaglingkuran sa simulâ pa lámang. Gayunman, matapos magmisa noong ika-6 ng Disyembre 1273, nagpasya si Santo Tomas na hindî na sumulat. Ang maestrong walâng ginawâ kundî magsulat at magturò sa loob ng nagdaang mahigit na tatlong dekada ay pinilìng tumigil na sapagkat, ayon sa kanya, ang lahat ng kanyang isinulat ay mistulang dayami lámang kung ihahambing sa kanyang nasaksihan. Dahil dito, maraming akdâ si Santo Tomas ang naiwang hindî tapos, kasama na rito ang *Summa Theologiae*. Sa hulíng yugtô ng kanyang buhay, siya na tinitingalâ nating modelo ng dayalogo, ay minabuting manahimik na lámang. Pagod na marahil. O kayâ may karamdamang hindî masabi. O baká talagang may namalas na hindî kayang tumbasan ng mga salitâ. Ilan ito sa mga hakà-hakà tungkol sa pasya ni Santo Tomas na hindî na sumulat at manahimik na lámang. Kung siya mismo ang nagsabi na mistulang dayami lámang ang kanyang mga akdâ kung ihahambing sa kanyang nasilayan, baká nga ang nasabing katahimikan ang pinakamagandang pamana na kanyang iniwanan. Kung ang nasabing katahimikan ang kanyang hulíng kabanatà, baka iyon ang inihahabilin niya sa atin bílang ating simulâ. Ipinapaubayà niya sa atin ang nasabing katahimikan bílang bagong espasyo upang mamasdan natin, hindî siya, kundî ang Diyos na hangad niyang hanapin natin. Ang katahimikang iyon ang katahimikan ng pagkamanghâ. Iyon din mismo ang katahimikan ng pananampalatayà. Nais muna marahil ni Santo Tomas na tayo ay makinig, makaranas, makadama ng katahimikan na nag-anyong Salitâ na nagkatawang-tao. Tangìng sa katahimikan posibleng magmulâ ang dayalogo. Sabi nga niya: "…ita maius est contemplata aliis tradere quam solum contemplari." Santo Tomas de Aquino, ipanalangin mo kami. PS

**Sanggunìan**

*Mga libro*

Anselm. *Basic Writings*. Translated by Thomas Williams. Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 2007.

Aristotle. *The Complete Works of Aristotle: The Revised Oxford Translation*, edited by Jonathan Barnes. New Jersey: Princeton University Press, 1984.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

Aquinas, Thomas. *Summa Contra Gentiles, Book One: God.* Translated by Anton C. Pegis. New York: Image Books, 1955.

____________. *Summa Contra Gentiles, Book Two: Creation*. Translated by James F. Anderson. New York: Image Books, 1955.

____________. *Summa Contra Gentiles, Book Three: Providence, Part 1*. Translated by Vernon J. Bourke. New York: Image Books, 1956.

____________. *Summa Contra Gentiles, Book Three: Providence, Part 2*. Translated by Vernon J. Bourke. New York: Image Books, 1956.

____________. *Summa Contra Gentiles, Book Four: Salvation*. Translated by Charles J. O'Neil. New York: Image Books, 1956.

____________. *On Kingship: To the King of Cyprus*. Westport, Connecticut: Hyperion Press, Inc., 1979.

Aristotle. *Metaphysics in Aristotle. The Complete Works of Aristotle: The Revised Oxford Translation*. Translated by Jonathan Barnes. New Jersey: Princeton University Press, 1984.

____________. *Nicomachean Ethics in Aristotle. The Complete Works of Aristotle: The Revised Oxford Translation*, edited by Jonathan Barnes. New Jersey: Princeton University Press, 1984.

____________. *Politics in Aristotle. The Complete Works of Aristotle: The Revised Oxford Translation,* edited by Jonathan Barnes. New Jersey: Princeton University Press, 1984.

Augustine. *Confessions*. Translated by Thomas Williams. Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 2019.

____________. *On the Free Choice of the Will, On Grace and Free Choice, and Other Writings.* Translated by Peter King. Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2010.

Boethius. *The Consolation of Philosophy.* Translated by David R. Slavitt. Cambridge, Massachusetts: Harvard University Press, 2008.

____________. *The Theological Tractates / The Consolation of Philosophy*. Translated by HF Stewart. Cambridge Massachussetts: Harvard University Press, 1968.

Bolaños, Paolo A. *Thought-pieces: Nietzschean Reflections on Anti foundationalism, Ethics and Politics.* Davao: Aletheia Printing and Publishing House, 2021.

Davies, Brian. *Thomas Aquinas's Summa Contra Gentiles: A Guide and Commentary*. Oxford: Oxford University Press, 2016.

Descartes, Rene. *The Philosophical Writings of Descartes. Volume II.* Translated by

John Cottingham et al. New York: Cambridge University Press, 2005.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

Galilei, Galileo. *The Essential Galileo*. Translated by Maurice A. Finocchiaro. Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 2008.

Gilles, OP, Emery & Matthew Levering, eds. *Aristotle in Aquinas's Theology.* Oxford: Oxford University Press, 2015.

Habermas, Jurgen. *The Theory of Communication, Volume 2, Lifeworld and System: A Critique of Functionalist Reason*. Translated by Thomas McCarthy. Boston: Beacon Press, 1987.

Heidegger, Martin. *Being and Time.* Translated by Joan Stambaugh. New York: State University of New York Press, 1996.

Kretzmann, Norman & Eleonore Stump. *The Cambridge Companion to Aquinas.* Cambridge, UK: Cambridge University Press, 1999.

Leibniz, Gottfried Wilhelm. *Philosophical Papers and Letters.* Second Edition. Translated by Leroy E. Loemker. The Netherlands: Kluwer Academic Publishers, 1989.

Lombard, Peter. *The Sentences.* Translated by Giulio Silano. Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 2007.

Marenbon, John. *Medieval Philosophy: An Historical and Philosophical Introduction.* London: Routledge, 2007.

McCormick, SJ, William. *The Christian Structure of Politics: On the De Regno of Thomas Aquinas*. Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2022.

McCoy, Marina. *Plato on the Rhetoric of Philosophers and Sophists.* Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2008.

McInerny, Ralph. *Boethius and Aquinas.* Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2012.

Natali, Carlo. *Aristotle: His Life and School,* edited by D.S. Hutchinson. New Jersey: Princeton University Press, 2013.

Nietzsche, Friedrich. *The Gay Science.* Translated by Josefine Nauckhoff. Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2001.

______________. *Thus Spoke Zarathustra*. Translated by Adrian del Caro. Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2006.

Novikoff, Alex J. *The Medieval Culture of Disputation: Pedagogy, Practice, and Performance.* Philadelpia; University of Pennsylvania Press, 2013.

Quito, Emeria. *The State of Philosophy in the Philippines.* Monograph Series No. 5. Manila: De La Salle University, 1983.

Rorty, Richard. *Philosophy and Social Hope*. London: Penguin Books, 1999.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

Ross, David. *Aristotle*. London: Routledge, 1995.

Taylor, Charles. *A Secular Age*. Cambridge, Massachusetts: Harvard University Press, 2007.

*Mga artikulo*

Abulad, Romualdo. "Contemporary Filipino Philosophy" (1988), unpublished paper.

Broadie, Alexander. "Maimonides and Aquinas on the Names of God." *Religious Studies* 23, Issue 02 (June 1987): 157 – 170.

Burrell, CSC, David. "Thomas Aquinas and Islam." *Modern Theology* 20, Issue 1 (2004): 71-89.

Desmonde, William H. "The Ritual Origin of Plato's Dialogues: A Study of Argumentation and Conversation among Intellectuals." *American Imago* 17, no. 4 (Winter 1960): 389-406.

Eberl, Jason T. "Aquinas on the Nature of Human Beings." *The Review of Metaphysics* 58, no. 2 (December 2004): 333-365.

Jordan, Mark D. "Theological Exegesis and Aquinas's Treatise 'Against the Greeks.'" *Church History* 56, no. 4 (December 1987): 445-456.

Rawls, John. "The Idea of Public Reason Revisited." *The University of Chicago Law Review* 64, no. 3 (Summer, 1997): 765-807.

Taylor, Richard C. "Aquinas and the Arabic Philosophical Tradition." *American Catholic Philosophical Quarterly* 88, issue 2 (2014): 191-193.

Teichmann, Jenny. "The Definition of Person." *Philosophy* 60, no. 232 (April 1985): 175-185.

*Tekstong online*

Aquinas, Thomas. *Contra Errores Graecorum*. https://isidore.co/aquinas english/ContraErrGraecorum.htm#0.

______________. *De divinis nominibus Dionysii*. https://isidore.co calibre/#panel=book_details&book_id=6787.

______________. *De Ente et Essentia.* https://isidore.co/aquinas/english DeEnte&Essentia.htm.

______________. *De hebdomadibus Boëthii*. https://isidore.co/aquinas/english DeEnte&Essentia.htm.

______________. *De Principiis Naturae*. https://isidore.co/aquinas/english DePrincNaturae.htm.

______________. *De Trinitate Boëthii.* https://isidore.co/aquinas/english BoethiusDeTr.htm.


DOI: https://doi.org/10.55997/1006pslx181a6

______________. *De unitate intellectus contra Averroistas*. https://isidore.co aquinas/english/DeUnitateIntellectus.htm.

______________. *De Veritate.* https://isidore.co/aquinas/english/QDdeVer.htm.

______________. *Summa Contra Gentiles.* https://isidore.co/aquinas/english ContraGentiles.htm.

______________. *Summa Theologiae*. https://isidore.co/aquinas/english/summa index.html.

Benedict XVI. *Caritas en Veritate*. https://www.vatican.va/content/benedict xvi/en/encyclicals/documents/hf_ben-xvi_enc_20090629_caritas-in veritate.html.

Berkeley, George. *Three Dialogues between Hylas and Philonous in opposition to Sceptics and Atheists* sa https://www.earlymoderntexts.com/assets pdfs/berkeley1713.pdf.

Cupin, Bea. *"Philippines rejects China's 2023 map: 'No basis under international law'"* https://www.rappler.com/nation/philippines-rejects-chinastandard-map-2023-10-dash-line/.

Hume, David. *Dialogues Concerning Natural Religion*. https://www earlymoderntexts.com/assets/pdfs/hume1779.pdf.

John Paul II. *Fides et Ratio.* https://www.vatican.va/content/john-paul-ii/en encyclicals/documents/hf_jp-ii_enc_14091998_fides-et-ratio.html.

Kahanap, Patricia. *"Crossing the line? 'Ama Namin' drag performance sparks online debate"* https://www.rappler.com/entertainment/online-debatema-namin-drag-performance-july-2023/.

Kant, Immanuel. *What is Enlightenment?* http://www.columbia.edu/acis/ets CCREAD/etscc/kant.html.

Kenny, OP. Joseph. T*homas Aquinas, Islam and the Arab Philosophers*. https: dhspriory.org/kenny/ThoArabs.htm.

Rivas, Ralf. *"Controversial 'Love the Philippines' slogan stays"* https://www appler.com/nation/dot-love-the-philippines-tourism-campaign-sloganstays/.